
Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki Isyu bilang 48

KAWASAKI CITY
川崎市

Pinamamatnugutan at inilathala ng:Tanggapan ng pantao at Pagkakapantay-pantay Ng Kasarian kawanihan ng Kapakanan ng mga mamamayan at Bata
Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki
Petsa ng paglathala: Septyembre 1, 2013
http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

# Ulat ng mga aktibidades ng taong 2012 sa Alkalde at Konseho



◇Ulat sa Alkalde ◇

Noong Lunes, Abril 15 ay isinumite nina Ping Wang at David Chart ng ika-9 term ng konseho ng Seksyon ng Buhay at Lipunan ang mga panukala sa taong 2012 kay kagalang-galang na Alkalde Abe.Inilahad ni Ping Wang ayon sa taunang ulat ng 2012 taon ang mga kaganapan o aktibidad sa Alkalde. Ayon kay Alkalde Abe, [Nais kong gamitin ninyo ang natitirang isang taon sa pagpapalalim at pag-ipon ng mga panukala].

◇Ulat ng Konseho ng Lungsod◇

Inanyayahan naman ng Konseho ng Lunsod at Komisyong pang-sibiko sina Pinunong Ping Wang at Bise Sharma Gajenda upang maglahad ng taunang ulat ng Aktibidad para sa taong 2012 noong ika- 22 ng Mayo. Ang iba pang mga inanyayahan na mga dumalo at sumaksi sa pagpupulong ay naging bahagi ng pakikinig sa mga panukala at inaasahang magagamit ng mga ito sa pagsisiyasat ng mga konseho.

## <Iskedyul ng pagpupulong sa taong 2013 ng mga Kinatawan (mula Oktubre)>

**Oras：mula 2:00 pm hanggang 5:00pm**

**Lugar： Kawasaki International Center (Tokyu-Toyoko Line Motosumiyoshi 10 mins. lakarin)**

**3rd Pagpupulong (unang Linggo)Okt. 6**
**3rd Pagpupulong (2ndLinggo) Dis. 8**
**4th Pagpupulong(unang Linggo) Enero 19**
**4th Pagpupulong(2nd Linggo) Pebrero16**

＊＊＊＊＊＊＊

***Maaaring makinig at mag-obserba ang sinuman sa alin man sa pagpupulong.***

***Malugod na inaanyayahan ang lahat upang dumalo.***




http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml
(impormasyon na magagamit sa maramihang mga wika)

## ◆◇Pangangalap ng ika-10 kinatawan para sa pagpupulong ng mga dayuhang residente sa Kawasaki◇◆

Ang kinatawan ng pagpupulong ng mga dayuhang residente ay itinatag sa pamamagitan ng ordinansa noong 1996 para sa mga lokal na mga tao na naglalayon magkaroon ng pagkakaunawaan ang bawat isa, upang lumikha ng isang mas mahusay na komunidad. Ang mga balita ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga banyagang residente ay bibigyang pansin sa pamamagitan ng pagsagawa ng pananaliksik at masusing pag-iisip at ito ay isusumite bilang panukala sa Alkalde. Sumali at iparating ang inyong mungkahi.

- Term: Abril 1, 2014 hanggang Marso 31, 2016(2 taon)
- Mga Aktibidad: Ang conference ay gaganapin 8-9 beses sa isang taon, sa Linggo hapon.
  ＊Ang pulong ay isinasagawa sa wikang Hapon.
  ＊Magkakaroon ng kabayaran sa bawat pagdalo ng pulong bilang isang espesyal na opisyal ng lokalidad.
- Mga kwalipikadong maging kinatawan:
  ①Mga taong walang hawak na Nasyonalidad na Hapon.
  ②Mga may 18 taong gulang pataas bago mag- Abril 1, 2014.
  ③Isang taong mahigit na nakatala bilang residente ng Siyudad ng Kawasaki bago mag Abril 1, 2014.
- Paraan ng pag-aplay: Ipadala sa koreo ang porma ng aplikasyon hanggang Disyembre 13, 2013.
  （may tatak sa mismong araw na ito）

＊ Ang porma ng aplikasyon ay ipamimigay mula Oktubre sa mga ward offices, shiminkan, Aklatan at sa mga International Centers.

＊ Maaari din itong tunghayan at i-download mula sa home page (http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html).

＜Mga Katanungan＞

Kawasaki City Shimin･Kodomo kyoku Danjo kyodo sangkaku shitsu Gaikokujinshimin shisaku tanto

TEL 044-200-2359　FAX 044-200-3914　E-mail 25gaikok@city.kawasaki.jp

## Tinig mula sa Kinatawan

Ano ang tungkulin ng isang kinatawan?

Magandang pangyayari bilang kinatawan？




○Bilang kinatawan ng dayuhang naninirahan sa lungsod ng Kawasaki, ipina-aabot ko ang kasalukuyang sitwasyon at problema sa Konseho, natutuwa akong nagkaroon ng kalutasan ito.

○Dito sa Kinatawan ng kongreso, pwedeng makisalamuha sa iba't-ibang dayuhan. Nakapagpalitan din ng opinyon sa mga ito tungkol sa pamamaraang mapabuti ang pamumuhay dito sa Kawasaki.

○ Napag-uusapan ang mga isyu at problema ng mga residenteng dayuhan at maibahagi ang mga ideyangmaaaring makatulong sa mga mamamayan.

○Hindi lamang sa mga residenteng dayuhan kundi pati na rin sa mga hapon, makapamahagi ng panukala at makapag-isip tungkol dito. Magandang karanasan ang pagiging kinatawan.

○Napakagandang isiping ang lahat na nakiki-isa bilang kaibigan kahit nagmula sa magkakaibang bansa patungo sa iisang layunin. Pinakahihintay ko ang bawat pagpupulong.

○Bilang kinatawan, nakakasali sa iba't-ibang kaganapan ng lokalidad, nagkaroon ng pagkakataong makasalamuha ang karamihang hapon.Nais kong mapalawig pa ng mas higit ang pakikisalamuha sa pamamagitan ng pagiging kinatawan ng kongreso.

○Nais kong makatulong sa mga dayuhang nahihirapan sa salitang hapon kaya't ako ay sumali sa kongreso. Sa pakikipag-tulungan sa iba pang kinatawan inaasahang mapabuti ang Kawasaki bilang tirahan ng mga dayuhan.

○Upang mapabuti ang pamumuhay ng mga dayuhang naninirahan sa bansang hapon, at upang magkaroon ng pagkaka-unawaan sa pagitan ng mga hapon at dayuhan, upang mapalalim ang pakikisalamuha, inaanyayahang lumahok sa mga aktibidad ng kongreso .

## ◇ Pag-uulat tungkol sa pagpupulong

■ Sub-komisyon para sa kapakanang Edukasyon

Sa grupo ng kapakanang pang-Edukasyon, nagkaroon ng dalawang bahagi ang deliberasyon. [Edukasyon sa sariling wika] at [cross-cultural exchange]. Muli, bilang saksi at detalyadong pagpapaliwanag, inimbitahan ang mga taga- Board of Education upang magsalita tungkol sa [Pagpa-plano at negosyo ng mga mamamayan] at pagpapatupad ng mga field works.Sa cross-cultural exchange naman, nagpadala ng mga magtuturo sa mga paaralan ng mga dayuhang galing sa kongreso ng kinatawan, at sinamantala ang pagkakataon upang ipagbigay-alam ang tungkol sa gaganaping pagpupulong.

Karagdag dito, tinalakay din ang iba pang tema tulad ng [pagpapalaki ng sanggol at bata] at [kapakanan ng mga matatanda].Tungkol sa pagpapalaki ng mga sanggol at bata、napag-usapan ang ①Ang sistema ng pagpapalaki ng bata sa bansang Hapon.②Tungkol sa problemang "waiting list" ng mga batang nais pumasok sa nursery. Para sa mga matatanda naman, binalikan ang nakaraang panukala at nagpalitan ng mga opinyon ukol dito.

Sa hinaharap, ang mga miyembro ng kapakanang pang- Edukasyon ay inaasahang magpapalitan ng impormasyon at karanasan upang lalong mapabuti ang pamumuhay ng mga residenteng dayuhan sa Lunsod ng Kawasaki.

(Pinuno ng kapakanang Edukasyon, Beatriz Sonoda Izumi)

■ Sub-komisyon para sa buhay panlipunan

Ang pangunahing deliberasyon ng buhay panlipunan ay nagtapos noong nakaraan. Ang temang [Panghikayat sa pang-kalakal] ay nagkaroon ng ilang beses na deliberasyon subalit sa kasamaang palad, dahil sa kawalan ng kaalaman ang kinatawan ng kongreso, itinuring itong walang detalye para maging panukala. Sa [pagpapalaganap ng impormasyon] nagbakasakaling may solusyon ang panukalang ito sa kabila ng kumpirmasyong may kahirapan ang temang ito. Tungkol sa mga dayuhang masugid na naghahanap ng kapakipakinabang na impormasyon, nakahanda ang Lunsod ng Kawasaki upang sagutin ang mga ito. May mga nakalaang impormasyon sa ibat-ibang wika samantalang isang hamon kung paano ito mapaparating sa mga walang tiyaga o interes maghanap sa mga impormasyong it.o.

Bukod dito napag-usapan ang [ebalwasyon ng mga panukala], ang mga nasa posisyon sa kasalukuyang sistema, kung kakailanganin ang ebalwasyon ng third party ay pinag-iisipan pa. Sa bandang huli, tinalakay ang [Tulong sa paghahanap ng trabaho Ang problemang ito ay sagot ng Hello work ng Kawasaki sa pagbibigay ng impormasyon ngunit karamihan ay hindi natatanggap sa trabaho. Bagamat hindi kayang baguhin ang sistema ng Lungsod, napag-usapang makiki-kooperasyon para sa solusyon ng problemang ito.

(Pinuno ng buhay panlipunan David Chart)

## Pagpapakilala sa bagong kinatawan

Sa kadahilanang pagbibitiw ng kinatawang si HSU Ke Hsin, hinirang ang bagong kinatawan ng kongreso na si:.

◇ Pangalan・・・ ZHANG Bing Qing

◆ Saloobin bilang kinatawan:・・・ Bilang bagong kinatawan, nais kong mapakinabangan ang aking karanasan sa abot ng aking makakaya sa loob ng natitirang panahon. Upang makagawa ng mas magandang panukala, nais kong makipag-ugnayan ng masinsinan sa iba pang miyembro ng kongreso para sa solusyon ng mga problema.

◇ Paboritong kataga: Happy Life. Mamuhay ng masaya.

## <Paala:Open Forum na gaganapin！>

Ang open forum ay pagkakataon ng pagpapakilala sa mga deliberasyong ginagawa ng mga kinatawan at pagdinig ng mga opinion mula sa mga residenteng at dayuhan.

Unang bahagi ng programa ay pinaplanong magsasagawa ng pagtuturo (kou-en kai) tungkol sa koneksyon ng local na lipunan at ng komyunidad ng dayuhan.

Ang pangalawang bahagi ng programa ay ang pagpapakilala ng mga deliberasyon ng mga kinatawan ng kongreso at kung paano ito ipapatupad sa hinaharap at kung paano mangangalap ng mga opinion mula sa mga manonood.

● Kailan: Nobyembre 17 (Linggo)
mula 2:00 hanggang 5:00 ng hapon

● Lugar: Nakahara Shiminkan Hall（2F）

● Pagpunta:「Musashi Kosugi Station」

JR Nambu line…Higashi guchi 3 mins. walk

JR Yokosuka line…Yokosuka line exit 4 mins.walk

Tokyu Toyoko line・Meguro line…main gate 3 mins walk

＊Hindi magagamit ang parking ng Shiminkan




***May libreng "get-together" party pagkatapos ng open forum.***
***Malugod na inaanyayahan ang lahat. ♪♪***

**<Impormasyon tungkol sa pamumuhay>** **BINAGO!**

## Pagtatapon ng basura (pagbubukod) at koleksyon (araw ng pagtapon)

### ■ Mula Septyembre 2 (Lunes)

□Pagtatapon ng basura (pagbubukod) magbabago na

＊" **Lalagyan at balot na gawa sa plastic" uumpisahan ang pagbubukod at koleksyon** (1 beses /linggo)

<Paalala！>
・hugasan at alisin ang dumi bago itapon
・hindi matanggal na dumi at mga may tirang laman
→itapon ito bilang "pangkaraniwang basura"

□Araw ng koleksyon (Pagtatapon) magbabago na

＊" **Pangkaraniwang basura"** binago mula 3 beses sa 2 beses

■ Araw ng koleksyon (araw) Depende sa lugar na tirahan
Mangyaring tunghayan sa homepage ng lungsod para sa detalye.
http://www.city.kawasaki.jp/300/page/0000045719.html
http://www.city.kawasaki.jp/300/page/0000045757.html

Q.Paano ko malalaman kung ang isang item ay kabilang sa mga "plastic packaging at lalagyan" na kategorya?

Hanapin ang mga sumusunod na "plastic" logo

☞ プラ



【Katanungan】
Tanggapan ng mga karapatang pantao at pagkapantaypantay ng kasarian, Kawanihan ng kapakanan Ng mga Mamamayan at mga Bata sa Lungsod ng Kawasaki
1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2359　Fax : 044-200-3914　E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa News letter at Kapulungan

Ang papel na ito、ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

R70 古紙パルプ配合率70%再生紙を使用